Nasa ibaba ang impormasyon na isinalin mula sa Wikang Japanese.

## Simula sa Mayo 20, 2021

Antas ng alerta 4

# Dapat lumikas batay sa Utos ng Paglikas

## Inalis na ang abiso ng paglikas

| Antas ng alerta | | Bagong sistema ng impormasyo sa paglikas, atbp. | | Dating sistema ng impormasyon sa paglikas, atbp. |
|---|---|---|---|---|
| 5 |  Nangyari ang sakuna Sumasapit ang sakuna | Emerhensiyang ※1 Pagtiyak sa Kaligtasan | ↖ | Impormasyon sa pagkakaroon ng sakuna (Ilalabas ito kung kailan nakumpirma ang pagkakaroon ng sakuna) |
| ~<Dapat lumikas hanggang sa alert level 4!>~ | | | | |
| 4 |  Matindi ang Panganib ng sakuna | Utos ng Paglikas ※2 | ← | ・Utos ng paglikas (emergency) ・Abiso ng paglikas |
| 3 |  May panganib ng sakuna | Paglikas ng Matatanda, atbp. ※3 | ← | Paghahanda sa paglikas/pagsisimula ng paglikas ng matatanda at iba pa |
| 2 |  Lumalala ang panahon | Payo na Mag-ingat sa Malakas na Ulan, Baha, at Daluyong (Japan Meteorological Agency) | | Payo na Mag-ingat sa Malakas na Ulan, Baha, at Daluyong (Japan Meteorological Agency) |
| 1 |  May panganib ng paglala sa panahon | Impormasyon Para sa Patiunang Pag-iingat (Japan Meteorological Agency) | | Impormasyon Para sa Patiunang Pag-iingat (Japan Meteorological Agency) |

Paalaala 1: Hindi palaging ilalabas ang alert level 5 dahil hindi siguradong matitiyak ng munisipyo ang kalagayan ng sakuna, o sa ibang kadahilanan.


Paalaala 2: Ilalabas ang Utos ng Paglikas sa tiyempo na pareho sa Abiso ng Paglikas sa dating sistema.

Paalaala 3: Ang alert level 3 ay magsisilbing tiyempo kung kailan ang mga tao maliban sa matatanda, atbp. na magsimulang baguhin ang karaniwang gawain depende sa pangangailangan, maghanda para sa paglikas, o magkusang lumikas dahil sa tumitinding panganib.

**Sa alert level 5, hindi na puwedeng lumikas nang ligtas, at may panganib ng buhay. Huwag maghintay hanggang sa alert level 5, Emerhensiyang Pagtiyak sa Kaligtasan!**

**Inalis na ang Abiso ng Paglikas. Mula ngayon, dapat lumikas ang lahat mula sa mapanganib na lugar batay sa alert level 4, Utos ng Paglikas.**

**Ang matatanda at may kapansanan na mangangailangan ng higit na panahon para sa paglikas ay kailangang lumikas mula sa mapanganib na lugar sa alert level 3, Paglikas ng Matatanda, atbp.**




Mapanganib ang lumabas kapag may malakas at tuluytuloy na apg-ulan kahit pa nakasasakyan ka. Kapag napilitan kang palipasin ang gabi sa sasakyan, magingat nang mabuti at itsek ang iyong kapaligiran, atbp., upang tiyaking hindi ka maiipit sa baha.

© 2021 PIJIN Co., Ltd.